**Mga Instruksiyon para sa Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)**

**Ito ang <u>Pinal</u> na Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib). Kung pinirmahan ng hukom, sasabihin ng utos na ito sa Nasasakdal na:**

- Isuko agad ang lahat ng baril at anumang lisensya ng nakatagong baril;
- Hindi magtaglay, magkaroon ng kontrol, bumili o magtangkang bumili ng baril habang may bisa ang utos; at
- Na may bisa ang utos sa loob ng 1 taon.

**Ihahain ng klerk ang orihinal na utos sa pampublikong rekord ng korte at ipamamahagi ang kopya para:**

- Sa iyo (mga libreng sertipikadong kopya).
- Tagapagpatupad ng batas, upang ilagay sa pambuong estadong database.
- Pagsisilbi sa Nasasakdal.

**Mangyaring sumangguni sa klerk ng korte bago punan ang utos.**

Sa ilang korte, pupunan ng hukom ang utos na ito. Sa ibang korte naman, inaasahan kang punan ang utos. Mangyaring sumangguni sa klerk ng korte.

**Kung inaasahan kang punan ang form na ito, sundin ang mga instruksiyon sa ibaba.**

**I-print nang Malinaw Gamit ang Itim o Asul na Tinta!**

Itaas ng form:
- Ikaw ang “Petisyonaryo.”
  - Kung ikaw ay nagsusumite bilang ahensya na nagpapatupad ng batas, punan ang pangalan ng departamento ng pulis o opisina ng sheriff na pinagtatrabahuhan mo.
  - Kung nagsusumite ka para sa iyong sarili, punan ang iyong pangalan (pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido).
- Tinatawag na "Nasasakdal" ang tao na laban sa kaniya ay nagsusumite ka ng petisyon. Punan ang pangalan ng Nasasakdal (pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) at petsa ng kapanganakan.

Pagre-renew:
- Kung pinupunan mo ang unang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib), huwag lagyan ng tsek ang kahon.
- Kung nagbigay na ang korte ng Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) at hiniling mo sa korte na i-renew ito, lagyan ng tsek ang kahon.

Petsa/Oras ng Susunod na Pagdinig para sa Pagsunod:

- Magkakaroon ng takdang petsa ng pagdinig sa hinaharap upang masuri ng korte ang mga rekord ng korte o kunin ang testimonya para matiyak na sumusunod ang Nasasakdal sa utos na ito. Isusulat ng hukom o klerk ng korte ang petsa, oras, at lugar ng susunod na pagdinig sa unang pahina ng utos. Ang pagdinig ay hindi lalampas ng 3 araw ng korte matapos pirmahan ng korte ang utos. Maaari kang dumalo sa pagdinig na ito. Kung mayroon kang mapagkakatiwalaang impormasyon na ang Nasasakdal ay sumunod o hindi sumunod sa utos na ito, maaari mong hilingin sa korte na tumestigo o maaari kang magsumite ng deklarasyon sa korte bago ang pagdinig.

Pagkakakilanlang Katangian ng Nasasakdal:

- Ilarawan ang pisikal na anyo ng Nasasakdal: kasarian, lahi, kulay ng buhok, taas, timbang, at kulay ng mata.
- Itala ang anumang natatanging katangian ng Nasasakdal, gaya ng mga nunal, peklat, o tato.

Nasasakdal (talaan sa ibaba ng heading na ito):

- Sa talaan, ilagay ang anumang baril na alam mong pagmamay-ari o tinataglay ng Nasasakdal. Kung ang nasasakdal ay mayroong lisensya ng nakatagong baril, itala rin iyon. Kung kaya mong tukuyin ang mas maraming armas na hindi kasya sa talaan, maglakip ng listahan ng mga baril na iyon sa utos na ito.

Nasasakdal (sa ibaba ng heading na ito):

- Isulat ang pangalan ng ahensya na nagpapatupad ng batas kung saan dapat ihatid ng Nasasakdal ang lisensya ng nakatagong baril at iba pang armas. Kadalasang ito ay ang departamento ng pulis o opisina ng sheriff na pinakamalapit sa bahay ng Nasasakdal o lokasyon ng mga armas.

2. Abiso

- Lagyan ng tsek ang kahon para ipakitang natanggap ng Nasasakdal ang abiso sa pagdinig na ito.

3. Pagdinig

- Lagyan ng tsek ang mga kahon para ipakita kung sino ang dumalo sa pagdinig at paano.

4. Kapasiyahan ng Korte

- Ito ang listahan ng mga uri ng ebidensya na maaaring pagpasiyahan ng korte bilang mga dahilan upang maniwala na, sa malapit na hinaharap, malaki ang panganib na magdulot ang Nasasakdal ng personal na pinsala sa kaniyang sarili, o sa iba pa.

Lagyan ng tsek ang lahat ng kahon na sa tingin mo ay naaangkop. Pagkatapos ng pagdinig, ang opisyal ng hukuman ay maaaring maglagay ng tsek sa mga kahon depende sa ebidensya sa pagdinig.

5. Pagsusuri

- Kukumpletuhin ng hukom ang seksyong ito pagkatapos ng pagdinig.

## 6. Washington Crime Information Center (Sentro para sa Impormasyon ng Krimen sa Washington, WACIC) at Iba pang Paglalagay ng Impormasyon

- Kung ipagkakaloob ng korte, ilalagay ang utos sa isang pambuong estado at pederal na database na ginagamit ng tagapagpatupad ng batas nang sa gayon ay malaman ito ng sinumang opisyal. Pangalanan ang ahensyang may hurisdiksyon kung saan nakatira ang Nasasakdal:
  - Kung nasa loob ng mga limitasyon ng lungsod ang address ng Nasasakdal, pangalanan ang pulis ng lungsod.
  - Kung nasa labas ng mga limitasyon ng lungsod ang address ng Nasasakdal, pangalanan ang sheriff ng county.

## 7. Pagsisilbi sa Taong Pinipigilan

- Dapat malaman ng Nasasakdal ang tungkol sa utos na ito at na ipinag-uutos ng korte sa kaniya na isuko ang lahat ng baril at anumang lisensya ng nakatagong baril at pinagbabawalan siyang kunin o taglayin ang mga ito sa loob ng 1 taon. Dapat ding malaman ng Nasasakdal kung kailan, saan, at bakit isasagawa ang susunod na pagdinig.
- Dapat isilbi sa Nasasakdal ang mga kopya ng utos na ito. Ang pagsisilbi ay dapat gawin sa pamamagitan ng personal na paghahatid maliban kung nangyari na ang pagsuko sa mga armas at na-verify ito ng korte o ipinag-utos ng korte ang pagsisilbi sa pamamagitan ng publikasyon, koreo, o elektronikong paraan. Hindi puwedeng ikaw mismo ang magbigay ng mga kopya sa Nasasakdal. Ang personal na pagsisilbi ay maaaring sa pamamagitan ng opisyal na tagapagpatupad ng batas, nang walang bayad. Pagkatapos ma-verify ng korte na isinuko na ang mga armas at pahintulutan ang pagsisilbi sa elektronikong paraan, maaari mong piliin na ipagawa ang pagsisilbi sa:
  - opisyal na tagapagpatupad ng batas, nang walang bayad;
  - Isang propesyonal na tagapagsilbi ng proseso na babayaran mo; o
  - Isang tao na 18 taong gulang o mas matanda na hindi isang partido sa aksyong ito.
- Kung ang utos ay isisilbi ng tagapagpatupad ng batas, tukuyin ang departamento ng pulis o sheriff kung saan nakatira ang Nasasakdal. Ipapasa ang mga kopya sa ahensyang iyon upang isisilbi sa Nasasakdal.
- Kung nasa labas ng lungsod ang address na pagsisilbihan ng Nasasakdal, pangalanan ang pulis ng lungsod.
- Kung nasa labas ng lungsod ang address na pagsisilbihan ng Nasasakdal, pangalanan nang sheriff ng county.
- Kakailanganin mong magbigay ng address kung saan matatagpuan ang nasasakdal para sa pagsisilbi. Kakailanganin mo ring magbigay ng pisikal na deskripsyon ng Nasasakdal. Para ibigay ang impormasyong ito, kumpletuhin ang *Tagapagpatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon – Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)*, form XR 105.

## 8. Pagsisilbi sa Iba

- Kung mayroong guardian o conservator ang Nasasakdal, maaaring kailanganin ang pagsisilbi sa kanila. Kakailanganin mong magbigay ng address kung saan matatagpuan ang guardian o conservator.

## 9. Notipikasyon ng DOL

- Walang kinakailangang dagdag na impormasyon.

10. Pagdinig para sa Pagsunod

- Kukumpletuhin ng hukom ang seksyong ito.

Pirmahan ang Form:

- Pupunan ng hukom ang petsa at oras kung kailan ipinagkaloob ang utos at pipirmahan niya ng kaniyang pangalan.
- Pumirma sa ibaba ng form kung saan sinasabing “Pirma ng Petisyonaryo/Abogado,” at i-print ang iyong pangalan sa kanan ng iyong pirma.
    - Kung ikaw ay opisyal na tagapagpatupad ng batas, isama rin ang iyong badge number.